# Aplikasyon para sa Naturalisasyon

**Kagawaran ng Homeland Security**

Mga Serbisyo para sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Estados Unidos

**USCIS**
**Form N-400**
OMB No. 1615-0052
Expires 02/28/2027

| Para Lamang sa Paggamit ng USCIS | Petsa ng Tatak | Resibo | Block ng Aksyon |
|---|---|---|---|
| Mga Tala | | | |

► **MAGSIMULA DITO** – **I-type o isulat gamit ang itim na tinta.** Kung hindi mo masasagot ang lahat ng tanong, maaaring mas tumagal ang pagproseso ng mga serbisyo para sa pagkamamamayan at imigrasyon ng Estados (USCIS) sa iyong Form N-400.

Kung ang iyong ina o ama (kabilang ang ina o ama na legal na umampon) ay mamamayan ng U.S. mula kapanganakan, o naging nanaturalisa bago ka mag-18 taong gulang, maaaring hindi mo na kailanganing magsumite ng Form N-400 dahil mamamayan ka na ng U.S. Bago mo isumite ang aplikasyon na ito, mangyaring bisitahin ang website ng USCIS sa **www.uscis.gov/N-600** para sa Form N-600, Aplikasyon para sa Sertipiko ng Pagkamamamayan.

**Bahagi 1. Impormasyon Tungkol sa Iyong Kwalipikasyon** (Pumili lamang ng isang kahon upang tukuyin ang batayan ng iyong kwalipikasyon, kung hindi, maaaring maantala o tanggihan ang iyong Form N-400

**Ilagay ang iyong 9-bilang na A-Number**:
► **A-**

**1.** Dahilan ng Pagsusumite (Tingnan ang mga Panuto para sa mga rekisitos ng kwalipikasyon sa ilalim ng bawat probisyon):

**A.** ☐ **Pangkalahatang Probisyon.** Tingnan ang Panuto: **Listahan ng mga Pangkalahatang Rekisitos sa Kwalipikasyon:**

***B.*** ☐ **Asawa ng Mamamayan ng U.S.** Tingnan ang Panuto***: Kwalipikasyon Batay sa Pagkakakasal sa Mamamayan ng U.S.***

***C.*** ☐ **VAWA.** Tingnan ang Panuto: ***Kwalipikasyon para sa Asawa, Dating Asawa, o Anak ng Mamamayan ng U.S. sa ilalim ng Batas sa Karahasan Laban sa Kababaihan (VAWA)***

**D.** ☐ **Asawa ng Mamamayan ng U.S. na may Kwalipikadong Trabaho sa Labas ng Estados Unidos.** Tingnan ang Panuto: ***Kwalipikasyon para sa Asawa ng Mamamayan ng U.S. na Nagtatrabaho sa Kwalipikadong Employer sa Labas ng Estados Unidos***

Kung ang iyong tirahan ay nasa labas ng Estados Unidos at ikaw ay nagsusumite sa ilalim ng Batas sa Imigrasyon at Nasyonalidad (INA) seksyon 319(b), piliin ang tanggapang pansangay ng USCIS kung saan mo nais idaos ang iyong panayam para sa naturalisasyon. Makakahanap ka ng tanggapang pansangay ng USCIS sa www.uscis.gov/field-offices.

**E.** ☐ **Forces Serbisyong Militar sa Panahon ng Digmaan.** Tingnan ang Panuto: ***Kwalipikasyon at Ebidensya para sa Kasalukuyan at Dating mga Miyembro ng Sandatahang Lakas ng U.S.***

***F.*** ☐ **Hindi Bababa sa Isang Taon ng Marangal na Serbisyong Militar sa Anumang Panahon**. *Tingnan ang Panuto:* ***Kwalipikasyon at Ebidensya para sa Kasalukuyan at Dating mga Miyembro ng Sandatahang Lakas ng U.S.***

**G.** ☐ **Iba pang Dahilan ng Pagsusumite na Hindi Nakalista sa Itaas**

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

## **Bahagi 2. Impormasyon Tungkol sa Iyo** (Taong nagsusumite para sa naturalisasyon)

**1.** Ang Iyong Kasalukayang Legal na Pangalan (**huwag** magbigay ng palayaw)

| Apelyido | Pangalan | Gitnang Pangalan (kung naaangkop) |
|---|---|---|
| | | |

**2.** Iba Pang Mga Pangalan na Ginamit Mo Mula Nang Ikaw ay Ipinanganak (Tingnan ang mga Panuto para sa **Item Number** na ito para sa karagdagang impormasyon kung aling mga pangalan ang dapat isama)

| Apelyido | Pangalan | Gitnang Pangalan (kung naaangkop) |
|---|---|---|
| | | |
| | | |

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

## Bahagi 2. Impormasyon Tungkol sa Iyo (Taong nagsusumite para sa naturalisasyon) (ipinagpatuloy)

**Pagbabago ng Pangalan (Opsyonal)**

**Basahin ang mga Panuto para sa Numero ng Item na ito bago ka magpasya kung nais mong legal na baguhin ang iyong pangalan.**

**3.** Nais mo bang legal na baguhin ang iyong pangalan? ☐ Oo ☐ Hindi (lumaktaw sa **Item Bilang 4**)
Kung sumagot ka ng "Oo," i-type o isulat ang bagong pangalan na nais mong gamitin

Apelyido | Pangalan | Gitnang Pangalan (kung naaangkop)

**4.** USCIS Bilang ng Online Account (kung mayroon) ►

**5.** Kasarian ☐ Male ☐ Female

**6.** Petsa ng Kapanganakan (mm/dd/yyyy)

Bukod sa iyong aktwal na petsa ng kapanganakan, isama ang anumang iba pang petsa ng kapanganakan na ginamit mo, kabilang ang mga petsang ginamit kaugnay ng anumang legal o hindi legal na mga pangalan, sa espasyong nakalaan sa **Bahagi 14. Karagdagang Impormasyon.**

**7.** Kung ikaw ay isang legal na permanenting residente, ibigay ang petsa kung kailan ka naging legal na permanenting residente (mm/dd/yyyy).

**8.** Bansa ng Kapanganakan

**9.** Bansa ng Pagkamamamayan o Nasyonalidad

Kung ikaw ay mamamayan o nasyonal ng higit sa isang bansa, ilista ang mga karagdagang bansa ng nasyonalidad sa espasyong nakalaan sa **Bahagi 14. Karagdagang Impormasyon.**

**10.** Ang iyong ina o ama (kabilang ang umampong ina o ama) ba ay mamamayan ng U.S. bago ang iyong ika-18 kaarawan? ☐ Oo ☐ Hindi
Kung sumagot ka ng "Oo," maaaring ikaw ay isa nang mamamayan ng U.S. Kung ikaw ay mamamayan ng U.S., hindi mo dapat kumpletuhin ang Form N-400.

**11.** Mayroon ka bang pisikal o debelopmental na kapansanan o mental na kondisyon na pumipigil sa iyo na maipakita ang iyong kaalaman at pag-unawa sa wikang Ingles o sa mga rekisitong pangsibika para sa naturalisasyon? ☐ Oo ☐ Hindi

Kung sumagot ka ng "Oo," magsumite ng kumpletong Form N-648, Sertipikasyong Medikal para sa mga Eksepsiyon sa Kapansanan, kapag isinumite mo ang iyong Form N-400. Tingnan ang **Pagsusulit sa Naturalisasyon at mga Eksepsiyon** na seksyon sa mga Panuto para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga eksepsiyon sa pagsusulit sa wikang Ingles, kabilang ang mga eksepsiyon batay sa edad at bilang ng taon bilang legal na permanenting residente.

### *Pag-update sa Social Security*

**12.a.** Do you want the Social Security Administration (SSA) to issue you an original or replacement Social Security card and update your immigration status with the SSA if and when you are naturalized?

☐ Oo (Kumpletuhin ang mga **Item Bilang 12.b.-12.c.**)

☐ Hindi (Magpatuloy sa **Bahagi 3.**)

**12.b.** Ibigay ang numero ng iyong Social Security (SSN) (kung mayroon) ►

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

**12.c. Pahintulot para sa Pagbubunyag:** Pinahihintulutan ko ang pagbubunyag ng impormasyon mula sa aplikasyong ito at mga sistema ng USCIS sa SSA kung kinakailangan para sa layuning bigyan ako ng SSN, mag-isyu sa akin ng orihinal o kapalit na Social Security card, at i-update ang estado ng aking imigrasyon sa SSA. ☐ Oo ☐ Hindi

**TANDAAN**: Kung sumagot ka ng "Oo" sa **Item Bilang 12.a.,** kailangan mo ring sumagot ng "Oo" sa **Item Bilang 12.c., Pahintulot para sa Pagbubunyag** para makatanggap ng card.

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

## Bahagi 3. Impormasyong Biograpikal

A-

**TANDAAN**: Ang USCIS ay inaatasan kang kumpletuhin ang mga kategorya sa ibaba upang magsagawa ng background check. (Tingnan ang Form N-400 Panuto para sa karagdagang impormasyon.)

**1.** Etnisidad (Pumili lamang ng **isang** kahon)

☐ Hispanic o Latino ☐ Hindi Hispanic o Latino

**2.** Lahi ( Piliin ang **lahat ng naaangkop** na kahon)

☐ American Indian o Alaska Native ☐ Aysano ☐ Itim o African American ☐ Katutubong Hawaiian o Iba pang Pacific Islander ☐ Puti

**3.** Taas Talampakan ____ Pulgada ____ **4.** Timbang Libra ☐ ☐ ☐

**5.** Kulay ng Mata Pumili lamang ng **isang** kahon)

☐ Itim ☐ Asul ☐ Kayu- mang- gi ☐ Mala labo ☐ Berde ☐ Hazel ☐ Maroon ☐ Ros as ☐ Hindi alam/ Iba pa

**6.** Kulay ng Buhok (Pumili lamang ng **isang** kahon)

☐ Kalbo (No hair) ☐ Itim ☐ Blond ☐ Kayum -anggi ☐ Malal -abo ☐ Pul a ☐ Mala- buha- ngin ☐ Puti ☐ Hidni alam/ Iba pa

## Bahagi 4. Impormasyon Tungkol sa Iyong Tirahan

**1.** Mga Pisikal na Tinitirhan

Ilista ang bawat lugar na iyong tinirhan sa nakalipas na 5 taon kung ikaw ay nagsusumite batay sa pangkalahatang probisyon sa ilalim ng **Bahagi 1, Item Bilang 1.a.** Kung ikaw ay nagsusumite batay sa ibang opsyon ng kwalipikasyon para sa naturalisasyon, tingnan ang **Bahagi 4** sa **Partikular na mga Panuto ayon sa Bilang** ng seksyon ng mga Panuto para sa naaangkop na panahon na dapat mong ilagay ang impormasyong ito. Kung kailangan mo ng dagdag na espasyo, gamitin ang espasyong nakalaan sa **Bahagi 14. Karagdagang Impormasyon.**

Kasalukuyang Pisikal na Tirahan

Sa Ngalan Ni (kung mayroon) ____

Numero at Pangalan ng Kalye ____ ☐ Apt. ☐ Ste. ☐ Flr. Numero ____

Lungsod o Bayan ____ Estado ____ ZIP Code ____

Probinsya ____ Postal Code ____ Bansa ____

Mga Petsa ng Paninirahan: Mula (mm/dd/yyyy) ____ Hanggang (mm/dd/yyyy) Kasalukuyan

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

| **Pisikal na Address** (Numero at Pangalan ng Kalye) | **Lungsod o Bayan** | **Estado / Probinsya** | **ZIP Code / Postal Code** | **Bansa** | **Mga Petsa ng Paninirahan:** **Mula** (mm/dd/yyyy) | **Hanggang** (mm/dd/yyyy) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |

**2.** iyong kasalukuyang pisikal na address ba ay siya ring iyong kasalukuyang address ng koreo?

☐ Oo (Pag sagot ay "Oo," lumaktaw sa **Bahagi 5.**) ☐ Hindi

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

## 4. Impormasyon Tungkol sa Iyong Tirahan (ipinagpatuloy)

A-

**3.** Kasalukuyang Address ng Koreo (Ligtas na Address ng Koreo, kung naaangkop)

Sa Ngalan Ni (kung mayroon)

Numero at Pangalan ng Kalye

Apt. Ste. Flr. Numero

Lungsod o Bayan

Estado

ZIP Code

Probinsya

Postal Code

Bansa

## Bahagi 5. Impormasyon sa Kasaysayan ng Iyong Katayuang Sibil

**1.** Ano ang iyong kasalukuyang katayuang sibil??

☐ Walang asawa, Hindi pa Kailanman Nag-asawa ☐ Kasal ☐ Diborsiyado ☐ Biyudo/a ☐ Hiwalay ☐ Napawalang-bisa ang Kasal

Kung ikaw ay walang asawa at hindi pa kailanman nag-asawa, pumunta sa **Bahagi 6. Impormasyon Tungkol sa Iyong mga Anak.**

**2.** Kung ikaw ay kasalukuyang kasal, ang iyong asawa ba ay kasalukuyang miyembro ng Sandatahang Lakas ng U.S.? ☐ Oo ☐ Hindi

**3.** Ilang beses ka nang ikinasal? (Tingnan ang **Partikular na mga Panuto ayon sa Item Number** na seksyon ng mga Panuto para sa karagdagang impormasyon kung aling mga kasal ang isasama.)

Magbigay ng kasalukuyang sertipiko ng kasal at anumang dekrito ng diborsiyo, dekrito ng kawalang-bisa, o sertipiko ng kamatayan na nagpapatunay na ang iyong mga naunang kasal ay natapos na (kung naaangkop).

Kung ikaw ay nagsusumite sa ilalim ng isa sa mga kategorya sa ibaba, sagutan ang mga **Item Bilang 4.a. – 8**

- Asawa ng Mamamayan ng U.S., **Bahagi 1.**, **Item Bilang 1.b.**; o;
- Asawa ng Mamamayan ng U.S. na may Kwalipikadong Trabaho sa Labas ng Estados Unidos, **Bahagi 1, Item Bilang 1.d.**

Kung hindi ka nagsusumite sa **ilalim ng isa sa mga kategoryang nasa itaas, lumaktaw sa Bahagi 6.**

### *Ang Iyong Kasalukuyang Kasal*

Kung ikaw ay kasalukuyang kasal, kabilang kung ikaw ay legal na hiwalay, ibigay ang sumusunod na impormasyon tungkol sa iyong kasalukuyang asawa.

**4.a.** Legal na Pangalan ng Iyong Kasalukuyang Asawa

Apelyido

Pangalan

Gitnang Pangalan (kung naaangkop)

**4.b.** Petsa ng Kapanganakan ng Iyong Kasalukuyang Asawa (mm/dd/yyyy)

**4.c.** Petsa Kung Kailan Ka Ikinasal sa Iyong Kasalukuyang Asawa (mm/dd/yyyy)

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

**5.** Ang kasalukuyang pisikal na tirahan ba ng iyong asawa ay kapareho ng iyong pisikal na tirahan?

- [ ] Oo
- [ ] Hindi (Kung sumagot ka ng “Hindi,” ibigay ang address sa **Bahagi 14. Karagdagang Impormasyon**.)

**5.a.** Kailan naging mamamayan ng U.S. ang iyong kasalukuyang asawa?

- [ ] Sa pamamagitan ng kapanganakan sa Estados Unidos – Pumunta sa **Item Bilang 7.**
- [ ] Iba pa – **Kumpletuhin ang Item Bilang 5.b.**

**5.b.** Petsa kung kailan naging mamamayan ng U.S. ang iyong kasalukuyang asawa (mm/dd/yyyy) [ ]

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

## Bahagi 5. Impormasyon Tungkol sa Iyong Kasaysayan sa Pag-aasawa (ipinagpatuloy)

A-

**6.** Numero ng Rehistrasyon ng Dayuhan (A-Number) ng iyong kasalukuyang asawa (kung mayroon) ► A-

**7.** Ilang beses nang ikinasal ang iyong kasalukuyang asawa? (Tingnan ang **Partikular na mga Panuto ayon sa Bilang ng Item** na seksyon ng mga Panuto para sa karagdagang impormasyon kung aling mga kasal ang isasama.)

Magbigay ng mga dekrito ng diborsiyo, dekrito ng kawalang-bisa, o mga sertipiko ng kamatayan na nagpapatunay na ang lahat ng naunang kasal ng iyong asawa ay natapos na (kung naaangkop).

**8.** Kasalukuyang Employer o Kumpanya ng iyong asawa

Sagutan lamang ang **Item Bilang 8** kung ikaw ay nagsusumite sa ilalim ng **Bahagi 1, Item Bilang 1.d., Asawa ng Mamamayan ng U.S. na may Kwalipikadong Trabaho sa Labas ng Estados Unidos.**

## Bahagi 6. Impormasyon Tungkol sa Iyong mga Anak

**1.** Ilagay ang kabuuang bilang ng iyong mga anak na wala pang 18 taong gulang.

**2.** Ibigay ang sumusunod na impormasyon tungkol sa iyong mga anak na tinukoy sa **Item Number 1.** Para sa mga kolum ng Paninirahan at Relasyon, dapat mong i-type o isulat ang isa sa mga balidong opsyon na nakalista. Kung mayroon man sa iyong mga anak na hindi nakatira sa iyo, ibigay ang (mga) address kung saan sila nakatira sa **Bahagi 14. Karagdagang Impormasyon**. Kung mayroon kang higit sa tatlong anak, gamitin ang espasyong nakalaan sa **Bahagi 14. Karagdagang Impormasyon**.

| **Pangalan ng Anak** (Pangalan at Apelyido) | **Petsa ng Kapanganakan** (mm/dd/yyyy) | **Tirahan** (Mga balidong opsyon: nakatira sa akin, hindi nakatira sa akin, o hindi alam/nawawala) | **Relasyon** (Mga wastong opsyon: biyolohikal na anak na lalaki o babae, stepchild, o legal na inampon na anak na lalaki o babae) | **Nagbibigay ka ba ng suportang pinansyal para sa iyong anak?** |
|---|---|---|---|---|
| | | | | ☐ Oo ☐ Hindi |
| | | | | ☐ Oo ☐ Hindi |
| | | | | ☐ Oo ☐ Hindi |

## Bahagi 7. Impormasyon Tungkol sa Iyong Trabaho at mga Paaralang Pinag-aralan

**1.** Ilista kung saan ka nagtrabaho o nag-aral (full-time o part-time) sa nakalipas na 5 taon kung ikaw ay nagsusumite batay sa pangkalahatang probisyon sa ilalim ng **Bahagi 1, Item Number 1.a.** Kung ikaw ay nagsusumite batay sa ibang opsyon ng kwalipikasyon para sa naturalisasyon, tingnan ang **Bahagi 7 sa Partikular na mga Panuto ayon sa Item Number** na seksyon ng mga Panuto para sa naaangkop na panahon na dapat mong ilagay ang impormasyong ito. Magbigay ng impormasyon para sa buong saklaw ng panahon ng lahat ng trabaho, kabilang ang trabaho sa dayuhang gobyerno gaya ng militar, pulisya, at mga serbisyong paniniktik. Magsimula sa pagbibigay ng impormasyon tungkol sa iyong pinakahuli o kasalukuyang trabaho, pag-aaral, o kawalan ng trabaho. Ibigay ang mga lokasyon at mga petsa kung kailan ka nagtrabaho, naging self-employed, walang trabaho, o nag-aral. Kung ikaw ay nagtrabaho para sa sarili at hindi para sa isang partikular na employer, i-type o isulat ang "self-employed" bilang pangalan ng employer. Kung ikaw ay walang trabaho, i-type o isulat ang "unemployed." Kung ikaw ay retirado na, i-type o isulat ang "retired." Kung kailangan mo ng dagdag na espasyo upang makumpleto ang **Bahagi 7**, gamitin ang espasyong nakalaan sa **Bahagi 14. Karagdagang Impormasyon.**

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

| Employer or Paaralan | | | | | Mga Petsa ng Trabaho/Pag-aaral | | Trabaho o Larangan ng Pag-aaral |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Pangalan** | **Lungsod/Bayan** | **Estado/ Probinsya** | **ZIP Code/ Postal Code** | **Bayan** | **Mula** (mm/dd/yyyy) | **Hanggang** (mm/dd/yyyy) | |
| | | | | | | Kasalukuyan | |
| | | | | | | | |
| | | | | | | | |

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

## Bahagi 8. Panahon sa Labas ng Estados Unidos

A-

1. Ilista sa ibaba ang lahat ng iyong mga paglalakbay sa labas ng Estados Unidos sa nakalipas na 5 taon kung ikaw ay nagsusumite batay sa pangkalahatang probisyon sa ilalim ng **Bahagi 1, Item Bilang 1.a.** Kung ikaw ay nagsusumite batay sa ibang opsyon ng kwalipikasyon para sa naturalisasyon, tingnan ang **Bahagi 8 sa Partikular na mga Panuto ayon sa Item Bilang** na seksyon ng mga Panuto para sa naaangkop na panahon na dapat mong ilagay ang impormasyong ito. Magsimula sa iyong pinakahuling biyahe paurong. Huwag isama ang mga day trip (kung saan ang buong biyahe ay natapos sa loob ng 24 oras) sa talahanayan. Kung ikaw ay nagkaroon ng anumang biyahe sa labas ng Estados Unidos na tumagal nang higit sa 6 na buwan, tingnan ang **Kinakailangang Ebidensya – Patuloy na Paninirahan** na seskyon ng mga Panuto para sa ebidensyang dapat mong isumite. Kung kailangan mo ng dagdag na espasyo upang makumpleto ang seksyong ito, gamitin ang espasyong nakalaan sa **Bahagi 14. Karagdagang Impormasyon.**

| **Petsa ng Pag-alis sa Estados Unidos** (mm/dd/yyyy) | **Petsa ng Pagbalik sa Estados Unidos** (mm/dd/yyyy) | **Mga Bansang Iyong Pinuntahan** |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

## Bahagi 9. Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyo

Kapag ang isang tanong ay may salitang **"KAILANMAN,"** dapat kang magbigay ng impormasyon tungkol sa alinman sa iyong mga kilos o asal na nangyari **saanman sa mundo** at sa anumang panahon, maliban kung may ibang nakasaad sa tanong. Kung sumagot ka ng "Oo" sa alinman sa mga tanong sa mga **Item Bilang 1. – 14.** sa **Bahagi 9. Mga Item Bilang 1-14.**, magbigay ng paliwanag at anumang karagdagang impormasyon sa espasyong nakalaan sa **Bahagi 14.**

**Karagdagang Impormasyon**.

1. Ikaw ba **kailanman** ay naghayag na ikaw ay mamamayan ng U.S. (sa sulat o sa anumang paraan)? ☐ Oo ☐ Hindi
2. Ikaw ba **kailanman** ay nagparehistro upang bumoto o bumoto na sa anumang pederal, estado, o lokal na halalan sa Estados Unidos? Kung ikaw ay legal na bumoto lamang sa isang lokal na halalan kung saan ang mgadayuhan ay pinapayagang bumoto, maaari kang sumagot ng "Hindi." ☐ Oo ☐ Hindi
3. Mayroon ka bang kasalukuyang hindi nababayarang pederal, estado, o lokal na buwis sa Estados Unidos? ☐ Oo ☐ Hindi
4. Mula nang ikaw ay naging legal na permanenting residente, tinawag mo ba ang iyong sarili bilang isang "dayuhang hindi residente" sa isang pederal, estado, o lokal na pagbabayad ng buwis o nagpasya na hindi maghain ng buwis dahil itinuring mo ang iyong sarili bilang hindi residente? ☐ Oo ☐ Hindi

Ikaw ba **kailanman** ay:

**5.a.** Naging miyembro, nakilahok, o sa anumang paraan ay naugnay sa anumang Komunista o totalitaryong partido kahit **saanman sa**

**5.b.** Nagtaguyod (sumuporta o nagpalaganap) ng alinman sa mga sumusunod, o naging miyembro, nakilahok, o sa anumang paraan ay naugnay sa anumang grupo kahit saanman sa mundo na nagtaguyod ng alinman sa mga sumusunod: ☐ Oo ☐ Hindi

- Pagtutol sa lahat ng organisadong pamahalaan;
- Pandaigdigang komunismo;
- Ang pagtatatag sa Estados Unidos ng isang totalitaryong diktadurya;
- Ang pwersahan o marahas o iba pang labag sa konstitusyon na paraan ng pagpapatalsik sa Pamahalaan ng Estados Unidos o sa lahat ng anyo ng batas;

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

- Ang labag sa batas na pananakit o pagpatay sa sinumang opisyal o mga opisyal ng Pamahalaan ng Estados Unidos o ng anumang iba pang organisadong pamahalaan dahil sa kanilang opisyal na katayuan;
- Ang labag sa batas na pagsira, pananakit, o pagkawasak ng ari-arian; o
- Sabotahe?

Ikaw ba **KAILANMAN** ay naging miyembro, nakilahok, o sa anumang paraan ay naugnay sa, o **KAILANMAN** ay nagbigay ng pera, anumang bagay na may halaga, serbisyo, paggawa, o anumang uri ng tulong o suporta sa isang grupo na:

**6.a.** Gumamit ng armas o pampasabog na may layuning manakit ng ibang tao o magdulot ng pinsala sa ari-arian? ☐ Oo ☐ Hindi

**6.b.** Nakilahok sa pagdukot, pagpaslang, o pag-hijack o sabotahe ng eroplano, barko, sasakyan, o iba pang paraan ng transportasyon? ☐ Oo ☐ Hindi

**6.c.** Nagbanta, nagtangkang (sumubok), nakipagsabwatan (nagplano kasama ang iba), naghanda, nagplano, nagtaguyod, o nag-udyok sa iba na gawin ang alinman sa mga gawaing nakalista sa mga **Item Bilang 6.a. o 6.b.**? ☐ Oo ☐ Hindi

Ikaw ba **KAILANMAN** ay nag-utos, nag-udyok, nanawagan, gumawa, tumulong, o sa anumang paraan ay nakilahok sa alinman sa mga sumusunod:

**7.a.** Tortyur? ☐ Oo ☐ Hindi

**7.b.** Pagpuksa sa isang lipi? ☐ Oo ☐ Hindi

**7.c.** Pagpatay o pagtatangkang pumatay ng sinumang tao? ☐ Oo ☐ Hindi

**7.d.** Sinasadyang at malubhang pananakit o pagtatangkang manakit ng sinumang tao? ☐ Oo ☐ Hindi

**7.e.** Anumang uri ng pakikipag-ugnayang sekswal o aktibidad sa sinumang tao na hindi pumayag (hindi sumang-ayon), o hindi kayang magbigay ng pahintulot, o pinilit o binantaan mo o ng ibang tao? ☐ Oo ☐ Hindi

**7.f.** Pagpigil sa isang tao na isagawa ang kanyang relihiyon? ☐ Oo ☐ No

**7.g.** Pagdulot ng pinsala o paghihirap sa sinumang tao dahil sa kanyang lahi, relihiyon, bansang pinagmulan, pagiging kasapi sa isang partikular na grupong panlipunan, o opinyong politikal? ☐ Oo ☐ No

**8.a.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay naglingkod, naging miyembro, tumulong, o nakilahok sa anumang yunit ng militar o pulisya? ☐ Oo ☐ No

**8.b.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay naglingkod, naging miyembro, tumulong, o nakilahok sa anumang armadong grupo (isang grupong may dalang armas), halimbawa: paramilitary unit (grupong kumikilos tulad ng militar ngunit hindi bahagi ng opisyal na militar), self-defense unit, vigilante unit, rebeldeng grupo, o grupong gerilya? ☐ Oo ☐ No

Kung sumagot ka ng "Oo" sa **Item Bilang 8.a.** o **Item Bilang 8.**b., isama ang pangalan ng bansa, pangalan ng yunit ng militar o armadong grupo, ang iyong ranggo o posisyon, at ang mga petsa ng iyong pagkakasangkot sa iyong paliwanag sa **Bahagi 14. Karagdagang Impormasyon**.

**9.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay nagtrabaho, nagboluntaryo, o nagsilbi sa isang lugar kung saan ang mga tao ay nakakulong (pinipilit manatili), halimbawa: bilangguan, kulungan, kampo ng mga bilanggo (kung saan pinananatili ang mga bihag ng digmaan o bilanggong pulitikal), detensyong pasilidad, o kampo ng sapilitang paggawa; o ikaw ba **KAILANMAN** ay namuno o nakilahok sa anumang aktibidad na may kinalaman sa pagkulong ng mga tao? ☐ Oo ☐ Hindi

**10.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay naging bahagi ng anumang grupo, o **KAILANMAN** ay tumulong sa anumang grupo, yunit, o organisasyon na gumamit ng armas laban sa sinumang tao, o nagbanta na gagawin ito? ☐ Oo ☐ Hindi

**11. c.** Kung sumagot ka ng "Oo" sa **Item Bilang 10.a**., noong ikaw ay bahagi ng grupong ito, o noong tumulong ka sa grupong ito, gumamit ka ba ng armas laban sa ibang tao? ☐ Oo ☐ Hindi

**11.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay nagbenta, nagbigay, o nagdala ng mga armas, o tumulong sa sinumang tao sa pagbebenta, pagbibigay, o pagdadala ng mga armas, na alam mo o pinaniniwalaan mong gagamitin laban sa ibang tao? ☐ Oo ☐ Hindi

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

**12.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay nakatanggap ng anumang pagsasanay sa armas, paramilitary training, o iba pang uri ng pagsasanay na pangmilitar? ☐ Oo ☐ Hindi

**13.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay nag-recruit (nanghikayat), nag-enlist (lumagda upang sumali), nag-conscribe (pinilit na sumali), o gumamit ng sinumang taong wala pang 15 taong gulang upang maglingkod o tumulong sa isang armadong grupo, o nagtangkang gawin ito o nakipagtulungan sa iba upang gawin ito? ☐ Oo ☐ Hindi

14. Ikaw ba **KAILANMAN** ay gumamit ng sinumang taong wala pang 15 taong gulang upang lumahok sa labanan o mga gawaing may kinalaman sa digmaan, o nagtangkang gawin ito o nakipagtulungan sa iba upang gawin ito? Maaaring kabilang dito ang pakikilahok sa aktuwal na labanan o pagbibigay ng mga serbisyong may kaugnayan sa labanan (tulad ng pagiging mensahero o pagdadala ng mga kagamitan). ☐ Oo ☐ Hindi

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

## Bahagi 9. Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyo (ipinagpatuloy)

A-

**Kung sumagot ka ng "Oo" sa alinmang bahagi ng Item Bilang 15 sa ibaba, kumpletuhin ang talahanayan sa ibaba para sa bawat krimen o paglabag kahit na ang iyong mga rekord ay selyado, nabura, o kung hindi man ay nalinis na**. Dapat mong ibunyag ang impormasyong ito kahit pa may nagsabi sa iyo, kabilang ang isang hukom, opisyal na nagpapatupad ng batas, o abogado, na wala na ito sa iyong rekord o hindi mo kailangang ibunyag ang impormasyong ito. Kung kailangan mo ng dagdag na espasyo, gamitin ang espasyong nakalaan sa **Bahagi 14. Karagdagang Impormasyon.** Magsumite ng ebidensya upang suportahan ang iyong mga sagot kasama ng iyong Form N-400.

Isama ang lahat ng krimen at paglabag sa Estados Unidos o kahit **saanman sa mundo** (kabilang ang karahasan sa tahanan, pagmamaneho sa ilalim ng impluwensya ng droga o alak, at mga krimen o paglabag na ginawa habang ikaw ay wala pang 18 taong gulang) na **KAILANMAN** ay iyong:• Committed, agreed to commit, or asked someone else to commit;

- Inaresto, tiniketan, ikinulong, o ikinustodiya ng sinumang opisyal ng batas, opisyal ng militar (sa U.S. o sa ibang lugar), o opisyal ng imigrasyon;
- Ginawa, pumayag na gawin, o hiniling sa iba na gawin;
- Umamin ng pagkakasala;
- Nahusgahan na may sala;
- Isinailalim sa alternatibong paghatol o programang rehabilitasyon (halimbawa, Paglilihis [diversion], ipinagpalibang pag-uusig [deferred prosecution], ipinagpalibang paghatol [withheld adjudication], o ipinagpalibang paghusga [deferred adjudication]); o
- Nakatanggap ng suspendidong sentensya, clemency, amnestiya, o pardon, o isinailalim sa probation o parole.

**15.a.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay gumawa, pumayag na gumawa, humiling sa iba na gumawa, tumulong gumawa, o nagtangkang gumawa ng krimen o paglabag kung saan ikaw ay HINDI inaresto? ☐ Oo ☐ Hindi

**15.b.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay inaresto, tiniketan, ikinulong, o ikinustodiya ng sinumang opisyal ng batas, opisyal ng militar (sa U.S. o sa ibang lugar), o opisyal ng imigrasyon sa anumang dahilan, o kinasuhan ng krimen o paglabag? ☐ Oo ☐ Hindi

| **Ano ang krimen o paglabag?** (Kung nahatulan, ilagay ang krimen ng pagkakahatol. Kung hindi nahatulan, ilagay ang krimen o paglabag na nakasaad sa arrest, citation, charging document, o krimeng ginawa.) | **Petsa ng Krimen o Paglabag** (mm/dd/yyyy) | **Petsa ng Pagkakahatol o Pag-amin ng Pagkakasala** (kung naaangkop) (mm/dd/yyyy) | **Lugar ng Krimen o Paglabag** (Lungsod o Bayan, Estado, Bansa) | **Ano ang naging resulta o disposisyon ng pag-aresto, citation, o kaso?** (halimbawa: walang kasong isinampa, nahatulan, ibinasura ang kaso, detensyon, kulungan, probation, atbp.) | **Ano ang iyong naging sentensya** (kung naaangkop)? (Halimbawa: 90 araw sa kulungan, 90 araw sa probation) |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |

**16.** Kung ikaw ay nakatanggap ng suspendidong sentensya, isinailalim sa probation, o na-parole, nakumpleto mo na ba ang iyong suspendidong sentensya, probation, o parole? ☐ Oo ☐ Hindi

Kung sumagot ka ng "Oo" sa alinman sa mga tanong sa mga **Item Bilang 17.a. – 19**., magbigay ng paliwanag sa espasyong nakalaan sa **Bahagi 14. Karagdagang Impormasyon**. Magsumite ng ebidensya upang suportahan ang iyong mga sagot.

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

## Bahagi 9. Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyo (ipinagpatuloy)

A-

Ikaw ba **KAILANMAN** ay:

**17.a.** Nakisangkot sa prostitusyon, nagtangkang maghanap o magpasok ng mga prostitute o tao para sa layunin ng prostitusyon, o tumanggap ng anumang kita o pera mula sa prostitusyon? ☐ Oo ☐ Hindi

**17.b.** Gumawa, nagtanim, nagprodyus, namahagi, nagbigay, nagbenta, o nagpuslit (nag-traffick) ng anumang kontroladong substansiya, ilegal na droga, narkotiko, o parepernalya ng droga na labag sa anumang batas o regulasyon ng isang estado sa U.S., ng Estados Unidos, o ng ibang bansa? ☐ Oo ☐ Hindi

**17.c.** Nagkaroon ng higit sa isang asawa sa parehong panahon? ☐ Oo ☐ Hindi

**17.d.** Nagpakasal sa isang tao upang makakuha ng benepisyo sa imigrasyon? ☐ Oo ☐ Hindi

**17.e.** Tumulong sa sinuman na pumasok, o magtangkang pumasok, sa Estados Unidos nang ilegal? ☐ Oo ☐ Hindi

**17.f.** Nagsugal nang ilegal o tumanggap ng kita mula sa ilegal na pagsusugal? ☐ Oo ☐ Hindi

**17.g.** Nabigong suportahan ang iyong mga dependent (magbayad ng child support) o magbayad ng alimony (utos ng hukuman na suportang pinansyal pagkatapos ng diborsiyo o paghihiwalay)? ☐ Oo ☐ Hindi

**17.h.** Gumawa ng anumang maling pahayag upang makakuha ng anumang pampublikong benepisyo sa Estados Unidos? ☐ Oo ☐ Hindi

**18.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay nagbigay sa sinumang opisyal ng Pamahalaan ng U.S. ng anumang impormasyon o dokumento na mali, mapanlinlang, o nakaliligaw? ☐ Oo ☐ Hindi

**19.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay nagsinungaling sa sinumang opisyal ng Pamahalaan ng U.S. upang makapasok o matanggap sa Estados Unidos o upang makakuha ng benepisyo sa imigrasyon habang nasa Estados Unidos? ☐ Oo ☐ Hindi

Kung sumagot ka ng "Oo" sa mga **Item Bilang 20–21** sa ibaba, magbigay ng paliwanag sa espasyong nakalaan sa **Bahagi 14. Karagdagang Impormasyon** at tingnan ang **Partikular na mga Panuto ayon sa Item Bilang**, **Bahagi 9. Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyo** ng mga Panuto para sa karagdagang impormasyon.

**20.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay isinailalim sa paglilitis sa pagpapatalsik, pagpapawalang-bisa, o deportasyon? ☐ Oo ☐ Hindi

**21.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay naalis o na-deport mula sa Estados Unidos? ☐ Oo ☐ Hindi

Inaatasan ng Pederal na Batas ang halos lahat ng taong ipinanganak na lalaki na mga mamamayan o imigrante ng U.S., edad 18 hanggang 25, na magparehistro sa Selective Service. Tingnan ang **www.sss.gov**.

**22.a.** Ikaw ba ay isang lalaki na nanirahan sa Estados Unidos anumang oras sa pagitan ng iyong ika-18 at ika-26 na kaarawan? (Huwag piliin ang "Oo" kung ikaw ay isang legal na di-imigrante sa buong panahong iyon.) ☐ Oo ☐ Hindi

**22.b.** Kung sumagot ka ng "Oo" sa **Item Bilang 22.a.,** nagparehistro ka ba sa Selective Service? ☐ Oo ☐ Hindi

**22.c.** Kung sumagot ka ng "Oo" sa **Item Bilang 22.b**., ibigay ang impormasyon tungkol sa iyong pagpaparehistro:

Petsa ng Pagpaparehistro (mm/dd/yyyy) Bilang ng Selective Service

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

Kung sumagot ka ng “Hindi” sa **Item Bilang 22.b**., tingnan ang **Partikular na mga Panuto ayon sa Item Bilang**, **Bahagi 9. Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyo** ng mga Panuto para sa karagdagang impormasyon.

Kung sumagot ka ng “Oo” sa mga **Item Bilang 23–24**, magbigay ng paliwanag sa espasyong nakalaan sa **Bahagi 14. Karagdagang Impormasyon**..

**23.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay umalis sa Estados Unidos upang iwasan ang pagiging kabahagi sa Sandatahang Lakas ng U.S. ☐ Oo ☐ Hindi

**24.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay nag-apply para sa anumang uri ng pag-iwas mula sa serbisyo militar sa Sandatahang Lakas ng U.S.? ☐ Oo ☐ Hindi

**25.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay naglingkod sa Sandatahang Lakas ng U.S.? ☐ Oo ☐ Hindi

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

## Bahagi 9. Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyo (ipinagpatuloy)

A-

Kung sumagot ka ng “Hindi” sa **Item Bilang 25**., pumunta sa **Item Bilang 30.a.**

**26.a**.Ikaw ba ay **kasalukuyang** miyembro ng Sandatahang Lakas ng U.S.? ☐ Oo ☐ Hindi

**26.b**. Kung sumagot ka ng “Oo” sa **Item Bilang 26.a**., naka-iskedyul ka bang maitalaga sa labas ng Estados Unidos, kabilang sa isang sasakyang pandagat (vessel), sa loob ng susunod na 3 buwan? (Tumawag sa Military Help Line sa 877-247-4645 kung ikaw ay lilipat sa bagong duty station matapos isumite ang iyong Form N-400, kabilang kung ikaw ay maitatalaga sa labas ng Estados Unidos o sa isang vessel.) ☐ Oo ☐ Hindi

**26.c.** Kung sumagot ka ng “Oo” sa **Item Bilang 26.a**., ikaw ba ay kasalukuyang nakadestino sa labas ng Estados Unidos? ☐ Oo ☐ Hindi

**26.d**. Kung sumagot ka ng “Hindi” sa **Item Bilang 26.a**., ikaw ba ay dating miyembro ng militar ng U.S. na kasalukuyang naninirahan sa labas ng U.S.? ☐ Oo ☐ Hindi

Kung sumagot ka ng “Oo” sa **Item Bilangs 27–29**, magbigay ng paliwanag sa espasyong nakalaan sa **Bahagi 14. Karagdagang Impormasyon.**

**27.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay napasailalim sa paglilitis ng hukbong militar o nakatanggap ka ba ng pagpapaalis sa serbisyo (discharge) na inilarawan bilang hindi marangal, masamang asal, o hindi kapuri-puri habang nasa Sandatahang Lakas ng U.S.? ☐ Oo ☐ Hindi

**28.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay tinanggal sa pagsasanay o serbisyo sa Sandatahang Lakas ng U.S. dahil ikaw ay isang dayuhan? ☐ Oo ☐ Hindi

**29.** Ikaw ba **KAILANMAN** ay tumakas mula sa Sandatahang Lakas ng U.S.? ☐ Oo ☐ Hindi

Para sa mga **Item Bilang 30.a.–37**.,tingnan ang **Partikular na mga Panuto ayon sa Item Bilang**, **Bahagi 9. Karagdagang Impormasyon Tungkol sa Iyo.** Kung sumagot ka ng “Oo” sa **Item Bilang 30.a.,** magbigay ng paliwanag sa espasyong nakalaan sa **Bahagi 14. Karagdagang Impormasyon.**

**30.a.** Mayroon ka ba ngayon, o KAILANMAN nagkaroon, ng namamanang titulo o ordinansa ng maharlika sa anumang dayuhang bansa? ☐ Oo ☐ Hindi (lumaktaw sa **Item Bilang 31.**)

**30.b.** Kung sumagot ka ng “Oo” sa Item Bilang 30.a., handa ka bang isuko ang anumang namamanang titulo o ordinansa ng maharlika,

______________________

(ilista ang mga titulo), na mayroon ka sa isang dayuhang bansa sa iyong seremonya ng naturalization? ☐ Oo ☐ Hindi

Kung sumagot ka ng “Hindi” sa alinmang tanong maliban sa **Item Bilang 33**., tingnan ang seksyong **Panunumpa ng Katapatan** sa mga Panuto para sa karagdagang impormasyon..

**31.** Sinusuportahan mo ba ang Konstitusyon at anyo ng Pamahalaan ng Estados Unidos? ☐ Oo ☐ Hindi

**32.** Nauunawaan mo ba ang buong Panunumpa ng Katapatan sa Estados Unidos (tingnan ang **Bahagi 16. Panunumpa ng Katapatan**)? ☐ Oo ☐ Hindi

**33.** Hindi mo ba kayang manumpa ng Panunumpa ng Katapatan dahil sa pisikal o developmental na kapansanan o mental na kondisyon? Kung sumagot ka ng “Oo,” laktawan ang mga **Item Bilang 34–37** at tingnan ang seksyong **Legal na Tagapangalaga, Kahalili, o Itinalagang Kinatawan** sa mga Panuto ☐ Oo ☐ Hindi

**34.** Handa ka bang manumpa ng buong Oath of Allegiance sa Estados Unidos? ☐ Oo ☐ Hindi

**35.** Kung hinihingi ng batas, handa ka bang magdala ng armas (magbitbit ng sandata) para sa Estados Unidos? ☐ Oo ☐ Hindi

**36.** Kung hinihingi ng batas, handa ka bang magsagawa ng mga serbisyong hindi panglaban (hindi kasama ang pakikipaglaban sa digmaan) sa Sandatahang Lakas ng U.S.? ☐ Oo ☐ Hindi

**37.** Kung hinihingi ng batas, handa ka bang magsagawa ng gawaing may pambansang kahalagahan sa ilalim ng pamumunong sibilyan (di-militar na trabaho na sinasabi ng Pamahalaan ng U.S. na mahalaga sa bansa)? ☐ Oo ☐ Hindi

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

## Bahagi 10. Kahilingan para sa Pagbabawas ng Bayad

**A-**

Para sa impormasyon tungkol sa mga bayarin, fee waiver, at mga bawas na bayarin, tingnan ang Form G-1055, Fee Schedule, sa www.uscis.gov/g-1055. Upang mag-apply para sa nabawasang bayad, kumpletuhin ang mga **Item Bilang 1–5.b**. Kung hindi ka kwalipikado para sa bawas na bayarin, kumpletuhin ang **Item Bilang 1** at magpatuloy sa **Bahagi 11.**

**1.** Ang kita ng aking sambahayan ay mas mababa o katumbas ng 400% ng Federal Poverty Guidelines (tingnan ang mga Panuto para sa kinakailangang dokumentasyon).

☐ Oo (kumpletuhin ang mga **Items Bilang 2. - 5.b.**)

☐ Hindi (lumaktaw sa **Bahagi 11.**)

**2.** Kabuuang kita ng sambahayan:

**3.** Ang laki ng aking sambahayan ay:

**4.** Kabuuang bilang ng mga miyembro ng sambahayan na may kitkabilang ang iyong sarili:

**5.a.** Ako ang punong-ulo ng sambahayan. ☐ Oo ☐ Hindi

**5.b.** Pangalan ng punong-ulo ng sambahayan (kung pinili mo ang "Hindi" sa Item Number 5.a.):

## Bahagi 11. Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng Aplikante, Sertipikasyon, at Lagda

### *Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng Aplikante*

Ibigay ang numero ng teleponong iyong ginagamit sa maghapon, numero ng mobile phone (kung mayroon), at email address (kung mayroon).

**1.** Numero ng Telepono ng Aplikante (sa maghapon)

**2.** Numero ng Mobile Phone ng Aplikante (kung mayroon)

**3.** Email Address ng Aplikante (kung mayroon)

### *Sertipikasyon at Lagda ng Aplikante*

Pinatutunayan ko, sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa panunumpa (perjury), na ibinigay ko o pinahintulutan ang lahat ng mga sagot at impormasyong nakapaloob at isinumite kasama ng aking aplikasyon. Nabasa at naunawaan ko, o kung ipinaliwanag sa akin sa wikang ako ay bihasa ng isang interpreter na nakalista sa **Bahagi 12**, naunawaan ko ang lahat ng mga sagot at impormasyong nakapaloob at isinumite kasama ng aking aplikasyon, at ang lahat ng mga sagot at impormasyon ay kumpleto, totoo, at tama. Higit pa rito, pinahihintulutan ko ang paglabas ng anumang impormasyon mula sa alinman at lahat ng aking mga rekord na maaaring kailanganin ng USCIS upang matukoy ang aking pagiging karapat-dapat para sa isang kahilingan sa imigrasyon at sa iba pang mga entidad at indibidwal kung kinakailangan para sa administrasyon at pagpapatupad ng batas sa imigrasyon ng U.S.

**4.** Lagda ng Aplikante (o lagda ng legal guardian, surrogate, o itinalagang kinatawan, kung naaangkop)

Petsa ng Paglagda (mm/dd/yyyy)

➡

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

## Bahagi 12. Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng Interpreter, Sertipikasyon, at Lagda

A-

### *Buong Pangalan ng Interpreter*

**1.** Apelyido ng Interpreter

Pangalan ng Interpreter

**2.** Pangalan ng Negosyo o Organisasyon ng Interpreter

### *Impormasyon sa Kontak ng Interpreter*

**3.** Numero ng Telepono ng Interpreter (sa maghapon mayroon)

**4.** Numero ng Mobile Phone ng Interpreter (kung mayroon)

**5.** Email Address ng Interpreter kung mayroon)

### *Sertipikasyon at Lagda ng Interpreter*

Pinatutunayan ko, sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa panunumpa (perjury), na ako ay bihasa sa Ingles at sa ________ at aking isinalin ang bawat tanong sa aplikasyon at sa mga Panuto at isinalin ang mga sagot ng aplikante sa mga tanong sa wikang iyon, at ipinaalam sa akin ng aplikante na naunawaan niya ang bawat panuto, tanong, at sagot sa aplikasyon.

**6.** Lagda ng Interpreter

Petsa ng Paglagda (mm/dd/yyyy)

## Bahagi 13. Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan, Sertipikasyon, at Lagda ng Taong Naghanda ng Aplikasyong Ito, Kung Hindi ang Aplikante

### *Buong Pangalan ng Naghanda*

**1.** Apelyido ng Naghanda

Pangalan ng Naghanda

**2.** Pangalan ng Negosyo o Organisasyon ng Naghanda

### *Impormasyon sa Kontak ng Naghanda*

**3.** Numero ng Telepono ng Naghanda (sa maghapon)

**4.** Numero ng Mobile Phone ng Naghanda (kung mayroon)

**5.** P Email Address ng Naghanda (kung mayroon)

### *Preparer's Certification and Signature*

Pinatutunayan ko, sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa panunumpa (perjury), na inihanda ko ang aplikasyong ito para sa aplikante sa kanyang kahilingan at may malinaw na pahintulot, at na ang lahat ng mga sagot at impormasyong nakapaloob at isinumite kasama ng aplikasyon ay kumpleto, totoo, at tama at sumasalamin lamang sa impormasyong ibinigay ng aplikante. Sinuri ng aplikante ang mga sagot at impormasyon at ipinaalam sa akin na nauunawaan niya ang mga sagot at impormasyong nakapaloob o isinumite kasama ng aplikasyon.

**6.** Lagda ng Naghanda

Petsa ng Paglagda (mm/dd/yyyy)

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

## Part 14. Additional Information

A-

Kung kailangan mo ng dagdag na espasyo upang magbigay ng anumang karagdagang impormasyon sa loob ng aplikasyong ito, gamitin ang espasyong nasa ibaba. Kung kailangan mo ng mas maraming espasyo kaysa sa ibinigay, maaari kang gumawa ng mga kopya ng pahinang ito upang kumpletuhin at isumite kasama ng aplikasyong ito o maglakip ng hiwalay na papel. I-type o i-print ang iyong pangalan at A-Number sa itaas ng bawat pahina; ilagay ang **Numero ng Pahina, Numero ng Bahagi, at Numero ng Item** na tinutukoy ng iyong sagot; at lagdaan at lagyan ng petsa ang bawat pahina.

**1.** Apelyido | Pangalan | Gitnang Pangalan (kung naaangkop)

**2.** Numero ng Pahina | Numero ng Bahagi | Numero ng Item

**3.** Numero ng Pahina | Numero ng Bahagi | Numero ng Item

**4.** Numero ng Pahina | Numero ng Bahagi | Numero ng Item

**5.** Numero ng Pahina | Numero ng Bahagi | Numero ng Item

**Huwag kumpletuhin ang mga Bahaging 15 o 16 hangga't hindi ka inuutusan ng opisyal ng USCIS na gawin ito sa panayam.**

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS

## Bahagi 15. Lagda sa Panayam

A-

Ako ay nanunumpa (nagpapatunay) at nagpapatunay sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa panunumpa ayon sa mga batas ng Estados Unidos ng Amerika na alam ko na ang nilalaman ng Form N-400 na ito, Aplikasyon para sa Naturalisasyon, na aking nilagdaan, kabilang ang mga pagwawasto, ay kumpleto, totoo, at tama. Ang ebidensyang isinumite ko ay kumpleto, totoo, at tama.

Nilagdaan at pinanumpaan (pinagtibay) sa harap ko

USCIS Officer's Printed Name or Stamp

Petsa ng Paglagda (mm/dd/yyyy)

Lagda ng Aplikante

Lagda ng Opisyal ng USCIS

## Bahagi 16. Panunumpa ng Katapatan

Kung maaprubahan ang iyong aplikasyon, ikaw ay isasailalim sa isang seremonya ng naturalisasyon kung saan kinakailangan mong manumpa ng mga sumusunod na Panunumpa ng Katapatan bago ka maging naturalisadong mamamayan. Sa paglagda sa ibaba, kinikilala mo ang iyong kahandaang manumpa ng Panunumpang ito:

Ako ay taimtim na nagpapahayag sa ilalim ng panunumpa na ganap at lubusan kong itinatakwil at inaalis ang lahat ng katapatan at katapatan sa anumang dayuhang prinsipe, pinuno, estado, o soberanya, na ako ay dating nasasakupan o mamamayan;

na aking susuportahan at ipagtatanggol ang Konstitusyon at mga batas ng Estados Unidos ng Amerika laban sa lahat ng kaaway, dayuhan man o lokal;

na ako ay magtataglay ng tunay na pananampalataya at katapatan dito;

na ako ay magdadala ng armas para sa Estados Unidos kung kinakailangan ng batas;

na ako ay magsasagawa ng di-panlabang serbisyo sa Sandatahang Lakas ng Estados Unidos kung kinakailangan ng batas;

na ako ay magsasagawa ng gawaing may pambansang kahalagahan sa ilalim ng pamumunong sibilyan kung kinakailangan ng batas; at

na aking tinatanggap ang obligasyong ito nang malaya, nang walang anumang pag-aalinlangan sa isip o layuning umiwas; tulungan nawa ako ng Diyos.

Lagda ng Aplikante

Petsa ng Paglagda (mm/dd/yyyy)

DRAFT - DO NOT SUBMIT TO USCIS